
INILABAS NA BALITA

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Marso 22, 2018

KONTAKIN SI: Tom Flannigan, 415.749.4900

Ang Kaiser Permanente ay nanalo ng Spare the Air Leadership Award

SAN FRANCISCO – Sa pakikipagtulungan ng Acterra at ng 2018 Acterra Business Environmental Awards, inanunsyo ng Distrito sa Pamamahala ng Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Air Quality Management District) ang pinakabagong tatanggap ng Spare the Air Leadership Award – Kaiser Permanente.

Ang Kaiser ay paparangalan sa 2018 Acterra Business Environmental Awards Ceremony at ang Reception ay sa Bay Area Metro Center sa San Francisco sa Mayo 31 mula 5:30-8:30 ng gabi. Nakamit ng Kaiser ang karangalan sa pagpapatupad ng mga proyekto sa renewable energy na nagbawas sa polusyon sa hangin at greenhouse gases habang binubuo ang makabagong pamamaraan para sa mas malinis na hangin.

“Ang paraan ng Kaiser sa paggamit ng renewable energy sa sektor ng pangangalagang pangkalusugan ay nagpapakita ng totoong pamumuno na mayroong mga positibong epekto para sa industriya ng pangangalagang pangkalusugan at higit pa,” sabi ni Jack Broadbent, executive officer ng Air District. “Sa pagbibigay ng makabagong mga solusyon tulad nito, maaaring i-highlight ang napatunayang paraan na maaaring magamit ng ibang mga negosyo para mabawasan ang paglalabas ng usok mula sa kanilang mga operasyon at nakakatulong na epektibong magawa ang pagsubok na kaugnay sa pagbabago ng klima.”

Sa ma-ambisyosong layunin na maging neutral sa carbon sa 2020 at positibong carbon sa 2025, nagtaguyod ang Kaiser ng maraming proyekto ng nababagong enerhiya at nagpatupad ng iba't ibang mga kasanayan sa pagpapanatili sa buong network ng mga pasilidad sa Bay Area at sa buong California. Ang kanilang patuloy na pagsisikap na alisin ang mga greenhouse gas emissions mula sa kanilang mga pasilidad ay nangangailangan ng koordinasyon at suporta ng 200,000 na mga empleyado ng Kaiser sa buong bansa, kasama ang mga tagapangasiwa ng pangrehiyong suporta, direktor ng pasilidad, chief engineer, nars, doktor, CEO at Lupon ng mga Direktor

Ang Acterra Business Environmental Awards ay isa sa pinakaluma at pinakaprestihiyosong pagkilala sa mga programang pangkapaligiran ng San Francisco Bay Area. Sinimulan noong 1990, kinokonsiderang kampeon sa mga programa ng award dahil sa malawak na heograpiya, mahigpit na proseso ng paghuhusga at mapagkumpitensyang grupo ng mga aplikante. Ang Spare the Air Leadership Award ay bahagi ng Acterra Business Environmental Awards sa loob ng dalawang taon.

"Ipinagmamalaki ng Acterra na kilalanin at ibahagi ang mga tagumpay ng mga makabagong mga kumpanya at organisasyon na kumakatawan sa matatag na pangako ng San Francisco Bay Area sa pagpapanatili," sabi ni Adam Stern, executive Director ng Acterra. "Ang mga nagwagi ng award ay patuloy na nagtutulak ng mga bagong mahahalagang solusyon sa pagbabago ng klima at humantong ang paraan para masundan ng iba sa kanilang industriya."

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa seremonya ng award o tungkol sa iba pang mga kategorya at tatanggap ng 2018 Acterra Business Environmental Awards, bisitahin ang www.acterra.org/bea.

Acterra (www.acterra.org) ay isang San Francisco Bay Area 501(c)(3) nonprofit na nakabase sa Palo Alto na naghahatid sa mga tao na gumawa ng mga lokal na solusyon para sa isang malusog na planeta.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa www.sparetheair.org.

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)